


7

Araling Panlipunan

Ikatlong Markahan – Modyul 8: Anyo at Tugon sa Neokolonyalismo ng Timog at Timog-Kanlurang Asya



Araling Panlipunan – Ikapitong Baitang

Alternative Delivery Mode

**Ikatlong Markahan – Modyul 8: Anyo at Tugon sa Neokolonyalismo ng Timog
at Timog-Kanlurang Asya**

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Mary Joy G. Cansino

Editor: Jouilyn O. Agot

Tagasuri: Villaflor C. Ocampo

Tagaguhit: Esrael P. Ramos

Tagalapat: Liezl O. Arosio, Florendo S. Galang

Tagapamahala: Dr. Benjamin D. Paragas

Mariflor B. Musa

Danilo C. Padilla

Freddie Rey R. Ramirez

Cyril C. Serador

Ronald S. Brillantes

Marites L. Arenio

Eva Joyce C. Presto

Rhea Ann A. Navila

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – MIMAROPA Region

Office Address : Meralco Avenue corner St. Paul Road, Pasig City

Telefax : (02) 8631-4070; 8637-3093; 8637-3139

Email Address : region4b@deped.gov.ph

Araling Panlipunan

Ikatlong Markahan – Modyul 8:

Anyo at Tugon sa

Neokolonyalismo ng Timog

at Timog-Kanlurang Asya

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Halina't simulan natin!

Malapit mo nang matapos ang araling ito. Kaya, halina't bigyang pansin ang mga katanungan. Kapag narinig mo ang salitang Neokolonyalismo, ano ang pumapasok sa iyong isipan? Ano ang mga anyo at tugon ng mga nasa rehiyon ng Timog at Timog-Kanlurang Asya rito?

Upang mas lubos na maunawaan ang araling ito, halina't talakayin natin ang iba't ibang anyo at tugon sa Neokolonyalismo.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahan sa iyo ang sumusunod:

1. Nalalaman ang kahulugan ng Neokolonyalismo;
2. Natutukoy ang iba't ibang anyo at tugon sa Neokolonyalismo ng Timog at Timog-Kanlurang Asya; at
3. Napahahalagahan ang ginawang tugon ng mamamayan sa Timog at Timog-Kanlurang Asya sa Neokolonyalismo.

Ang pagkamit mo sa mga layuning nabanggit sa itaas ay magiging tulay upang tiyak na matutuhan mo ang sumusunod na pamantayan at kasanayan.

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)


Ang mga mag-aaral ay naipamamalas ang pag-unawa sa pagbabago, pag-unlad, at pagpapatuloy sa Timog at Timog-Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (ika -16 siglo hanggang ika-20 siglo).

PAMANTAYAN SA PAGGAWA (Performance Standard)

Ang mga mag-aaral ay nakapagsasagawa ng kritikal na pagsusuri sa pagbabago, pag-unlad, at pagpapatuloy sa Timog at Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (ika -16 siglo hanggang ika-20 siglo).

PAMANTAYANG PAMPAGKATUTO (Most Essential Learning Competency)

- Nasusuri ang mga anyo at tugon sa Neokolonyalismo sa Timog at Timog-Kanlurang Asya. **AP7TKA-IIIh-1.24 (Week 7)**



Subukin

Panuto: Unawain ang mga katanungan at bilugan ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

- Anong sistema ang nagwakas sa paglaya ng maraming bansa?
 - Diktadurya
 - Kolonyalismo
 - Facismo
 - Neokolonyalismo
- Anong uri o paraan ng kolonisasyon ang ipinagtibay ng mauunlad na bansa?
 - Diktadurya
 - Kolonyalismo
 - Facismo
 - Neokolonyalismo
- Anong bansa ang tinaguriang pinakamalakas at makapangyarihang kapitalista pagkatapos ng digmaan?
 - Britanya
 - China
 - Singapore
 - United States of America
- Alin sa sumusunod ang naging dahilan ng mga Kanluranin sa pagsakop ng Timog-Kanlurang Asya?
 - Nakita nila ang malapad nitong kalupaan
 - Nakita nilang mayaman ito sa katubigan
 - Wala na silang alam na rehiyon sa Asya na mayaman kaysa sa Timog-Kanluran
 - Natuklasan ng mga Kanluranin ang yamang taglay (petrolyo at langis) ng Timog-Kanluran
- Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng gampanin ng Organization of the Petroleum Exporting Countries?
 - Ito ay organisasyon na may kinalaman sa pagsuporta sa *human rights*
 - Ito ay isang organisasyon na nagsisikap na tiyakin ang maayos na suplay at presyo ng langis sa pandaigdigang kalakalan
 - Ito ay organisasyon na may kinalaman sa pagpapatakbo ng industriya sa mga bansa sa iba't ibang panig ng mundo
 - Ito ay organisasyon na may kinalaman sa pagbuo ng samahan upang kalabanin ang Kanluranin
- Anong anyo ng neokolonyalismo ang tumutukoy sa pagpapautang ng isang bansa na nagtatakda ng mga kondisyon bago pa man makautang ang ibang mga bansa?
 - Covert operation*
 - Debt trap*
 - Financial debt*
 - Foreign Debt*

14. Alin sa sumusunod ang bahaging ginampanan at naging tugon ng Palestenian Liberation Organization sa neokolonyalismo?
- Isa sa mga organisasyong nagpanatili ng katahimikan sa Timog Asya
 - Organisasyong nagpakita ng kanilang interes sa pagpapalawak ng teritoryo sa Timog-Kanlurang Asya
 - Itinuturing na samahang nasyonalista sa Timog-Kanlurang Asya kung saan nagpakita ng kanilang pagiging makabayan
 - Nasyonalistang organisasyon na hindi ipinagpatuloy ang pakikipaglaban sa Kanluranin dulot ng matinding takot
15. Alin sa mga epekto ng Neokolonyalismo ang nagpapakita na mas pinahahalagahan ng tao ang mga dayuhang—musika, sayaw, palabas, babasahin, at iba pa kaysa kanilang mga sariling gawa?
- Inferiority complex*
 - Neokolonyalismo-Ekonomiko
 - Neokolonyalismo-Kultural
 - Superiority complex*

Aralin 1	<h2 style="margin: 0;">Anyo at Tugon sa Neokolonyalismo ng Timog at Kanlurang Asya</h2>
-------------------------------	---


Magaling! Isa na namang aralin ang natapos mo! Ngayon, bago tumungo sa susunod na aralin ay sukatin muna ang iyong natutunan sa nakalipas na aralin sa pamamagitan ng inihandang gawain.



Balikan

Gawain: Word Web

Panuto: Magbigay ng iba't ibang relihiyon na umusbong sa Timog at Timog-Kanlurang Asya at ibigay rin ang bahaging ginampanan nito. Gawin ito sa sagutang papel.



1. Paano nakaaapekto ang relihiyon sa aspeto ng buhay ng isang tao?
2. Base sa iyong inilaang sagot sa *web*, ibigay ang mahalagang ginampanan ng relihiyon sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.



Tuklasin

Gawain: Hu-Larawan!

Panuto: Suriin ang dalawang larawan upang matukoy ang hinahanap na salita. Pagkatapos ay ibigay ang kahulugang nais ipahiwatig ng mga larawan. Gawin ito sa hiwalay na sagutang papel.




I N _ B A S _ O N



N _ O K O L _ N Y _ L I _ M O

Pamprosesong Tanong:

1. Ano sa iyong palagay ang mga pagbabagong nangyari sa mga bansa sa Timog at Timog-Kanlurang Asya sa pagdating ng mga Kanluranin sa kanilang rehiyon?
2. Ano kaya ang mabuti at di-mabuting epekto nito sa mga naturang bansa?



Suriin

Binabati kita! Isang gawain na naman ang iyong natapos. Ang gawaing iyon ay may kinalaman sa paksang ating tatalakayin. Handa ka na ba? Halina't talakayin ang paksang ito.

Ano ang Neokolonyalismo?

Ang pinakamahalagang pangyayaring naganap pagkatapos ng ikalawang digmaang pandaigdig sa mga bansa sa Asya tulad na lamang ng India, Pakistan at Pilipinas ay paggamit ng kalayaan mula sa kamay ng mga makapangyarihang bansa. Ngunit sa kabila nito, mapapansin pa rin ang pagnanais ng mga naturang makapangyarihang bansa na ipagpatuloy ang kanilang interes sa mga nasakop na bansa.



Maraming bansa ang lumitaw at namayagpag noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang makabagong uri ng pananakop ay lumitaw upang mapanatili ang kapangyarihan, neokolonyalismo at interbensiyon. Ang neokolonyalismo ay bago at ibang uri ng pananamantala sa mga mahihirap na bansa. Ayon sa agham-politika, ito ang pananatili ng kontrol ng isang dating kolonyalista sa dati nitong kolonya. Naging malumanay at patago ang pamamaraan ng pananakop.


Maraming bansa ang naging alipin ng mapagsamantalang mga bansa na ang ginusto lamang ay maging tanyag, kinatatakutan, at yumaman. Ilan dito ay ang tinatawag na Super Powers na bansa (Russia at United States). Maraming nag-akala na sa kanilang paglaya ay tuluyan nang makakamit ang kapayapaan ngunit sila ay nagkamali. Ang mga bansang sinakop ay hindi nagtamo nang ganap na kalayaan. Naglayon ang pananakop na patatagin ang pamumuhunan ng kolonyalistang bansa,

mapigilan ang pagkamit ng tunay na kalayaan at makuha ang mas malaking kita ng negosyo.

Mas lalong pinaigting sa panahong ito ang imperyalismo sa ekonomiya, politika, militar, at ideolohiyal na mga aspekto. Maituturing na pinakamahalagang sangkap ng sistemang ito ay ang pagkakaroon ng makabagong pamamaraan sa pamumuhunang industriyal at pinansiyal.

Ang neokolonyalismo ay isang uri ng suliraning pampolitika at pang-ekonomiya na ang lahat ng estado mayaman man o mahirap ay maaaring masangkot. Madalas, ang mga bansang kabilang sa *Third World* ang nakararanas nito dahil na rin sa pagkakaroon ng mahinang ekonomiya. Makikita ito sa pag-asa o pagdepende ng mga mahihinang bansa sa mga bansang kabilang sa *First World* o ang mga bansang may maunlad na ekonomiya at industriya. Naglalayon ang malalaking bansa na patatagin ang pamumuhunan, pigilin ang pagkamit ng tunay na kalayaan, at makuha ang mas malaking kita mula sa negosyo.

Nag-unahan ang mga Kanluranin na sakupin ang iba't ibang bansa sa Timog-Kanluran nang matuklasan ang yaman nitong taglay sa petrolyo at langis. Ang mga bansa sa nasabing rehiyon tulad ng Saudi Arabia, Kuwait, at Iraq ang may hawak ng malaking reserba ng langis sa daigdig. Hindi lingid sa kaalaman ng bawat isa ang kahalagahan ng petrolyo at langis. Kasama rin ang tatlong bansang ito sa *Organization of the Petroleum Exporting Countries* o OPEC na siyang nagkokontrol ng presyo ng langis sa buong pandaigdigang kalakalan.



MGA ANYO NG NEOKOLONYALISMO SA TIMOG AT TIMOG-KANLURANG ASYA

1. Dayuhang Pautang (*Foreign Debt*)


- Ito ay tumutukoy sa pagpapautang ng isang malakas na bansa sa mga pandaigdigang organisasyon o kaya naman ay sa isang mahirap na bansa. Kadalasan, may mga itinakdang kondisyon bago makautang ang mga bansa.

Debt Trap - Ito ay hindi pagkaahon ng mga mahihirap na bansa sa kanilang pagkakautang.

2. *Covert Operation*

- Karaniwang ito ay kadahilananang pampolitika o pangmilitar

Ano ang mga Epekto ng Neokolonyalismo?



Marami ang naging epekto ng neokolonyalismo sa mga bansang sinakop at pinagsamantalahan nito. Ito ang sumusunod:

1. **Overdependence** (labis na pagdepende sa iba)- Ang mga tao ay labis nang umasa sa mayayamang bansa lalong-lalo na sa may kaugnayan sa United States.

2. **Loss of Pride** (Kawalan ng Karangalan)- Naging epekto ng impluwensiya ng mga mananakop ang pagbuo sa isipan ng mga tao ng lahat ng galing sa kanluran ay mabuti at magaling, kung kaya't ito ay naging dahilan ng pagkawala ng interes sa sariling kultura at mga produkto.

3. **Continued Enslavement** (Patuloy na pang-aalipin)- Dahil sa patuloy na pamamayagpag ng mga kanluranin, ang tunay na kahulugan ng salitang Kalayaan ay - ang malilit na bansa ay patuloy pa rin ang pagtalima at pagkatali sa makakolonyal at makakapitalistang interes ng kanluranin.

Tugon sa Neokolonyalismo ng mga Bansa sa Timog at Timog-Kanlurang Asya


May iba't ibang paraang ginawa ang mga bansa sa Timog at Timog-Kanlurang Asya sa pagtugon sa neokolonyalismo o makabagong sistema ng pananakop ng Kanluranin. Ang iba sa mga bansa sa Timog at Timog-Kanlurang Asya ay tumanggap ng mga tulong pinansiyal na ginamit upang muling makabangon ang kanilang ekonomiyang dati ay nalugmok dahil sa digmaan. Isang halimbawa na lamang ang

bansang Turkey na tumanggap ng tulong pinansiyal mula sa Estados Unidos sa pangunguna ni Pangulong Harry S. Truman, kasabay nito ang pagpayag sa pang-ekonomiya at pangmilitar na pakikipagkasundo ng magkabilang panig. Kinakitaan ng pag-unlad ang Turkey dahil na rin sa liberalismong pang-ekonomiyang patakarang ipinatutupad nito at patuloy na pagtanggap ng dayuhang tulong mula sa Estados Unidos.

Sa kabilang dako nagkaroon din ng pagkakasundo ang Saudi Arabia sa pamumuno ni Haring Ibn Saud sa *Arabian American Oil Company (ARAMCO)* upang ang 50% kita ng nasabing kompanya ay maibigay sa Saudi Arabia upang magamit sa pagpapataas ng kita ng bansa. Bukod pa rito, kapalit ng tulong teknikal at pagpapahintulot ng pagbili ng armas sa ilalim ng Mutual Defense Assistance Act ay patuloy na pinayagan ang Estados Unidos sa paggamit ng base militar sa Dharan.

Sa kabila na ang ibang bansa ay tumanggap ng tulong mula sa Kanluranin, ay mayroong mga bansa naman na bumuo ng samahan at nagpakita ng kanilang pagiging makabayan. Halimbawa na lamang nito ay ang organisasyong itinuturing na terorista ng mga Israeli, ang *Palestinian Liberation Organization (PLO)*. Ang samahang ito ay kinilala ng mga Arabo bilang isang makabayang samahan.

Hindi maikakaila ang tulong na nagawa ng mga makapangyarihan at maimpluwensiyang bansa ngunit ang pagtayo sa sariling mga paa ay tanda ng pagyakap at pagmamahal sa sariling bansa. Maraming bansa sa kasalukuyan ang nagsusumikap upang makatayo sa sarili nilang paa at hindi na umaasa pa sa mga dayuhan. Nagsilbing hamon din sa mga bansa sa rehiyong ito na kaya rin nilang matumbasan kung anumang kaunlaran ang mayroon sa mga Kanluranin.



Pagyamanin

Gawain 1: Epekto-Solusyon

Panuto: Magbigay ng iyong saloobin na nagpapakita ng maaaring solusyon sa epekto ng neokolonyalismo sa maliliit na bansa. Maaaring magbigay ng kongkretong halimbawa ng iyong naisip na solusyon. Gawin ito sa sagutang papel.

EPEKTO NG NEOKOLONYALISMO	SOLUSYON
<i>Continued Enslavement</i> o Patuloy na Pang-aalipin	
<i>Loss of Pride</i> o Kawalan ng Karangalan	
<i>Overdependence</i> o Labis na Pagdedepende sa Iba	

Gawain 2: Pangkatin Mo Ako

Panuto: Makikita sa ibabang kahon ang iba't ibang bansa. Pangkatin mo ito sa dalawa. Una ay ang bansang mayayaman o makapangyarihan at ikalawa ay ang bansang papaunlad pa lamang. Pagkatapos maipangkat ang mga ito ay ibigay ang katangian ng nasabing bansa sa mauunlad at papaunlad pa lamang. Gawin ito sa sagutang papel.


AUSTRALIA	GREAT BRITAIN	LAOS	USA
CAMBODIA	JAPAN	PAKISTAN	
FRANCE	KENYA	PILIPINAS	

MAUUNLAD NA BANSA	KATANGIAN
1.	
2.	
3.	
4.	
5.	

PAPAUNLAD NA BANSA	KATANGIAN
1.	
2.	
3.	
4.	
5.	

Gawain 3: Lista-Epekto!

Panuto: Ilista ang mga epekto ng neokolonyalismo at ipaliwanag kung paano ito nangyayari. Gawin ito sa sagutang papel.





Isaisip

Gawain: Ideya Mo, Ipahayag mo! Pahalagahan natin!


Panuto: Base sa paksang tinalakay, subukin mo ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagpapahayag ng iyong ideya ukol sa naging tugon ng Timog at Timog-Kanlurang Asya sa Neokolonyalismo. Sa pagsagot ng tugon ay ibigay rin ang kahalagahan nito sa mga mamamayan sa nasabing rehiyon. Gawin ito sa sagutang papel.

TUGON NG TIMOG AT KANLURANG ASYA SA NEOKOLONYALISMO	KAHALAGAHAN

Pamprosesong tanong:

1. Alin sa mga naging tugon ng mamamayan sa Timog at Timog-Kanlurang Asya ang iyong naibigan? Ipaliwanag.

2. Kung may nais sumakop sa ating bansa, ano ang iyong magiging tugon? Parehas ba ng naging tugon ng mamamayan sa Timog at Timog-Kanlurang Asya? Ipaliwanag ang iyong sagot.



Isagawa


Gawain 1: Word Puzzle


Panuto: Ilista ang mga mabubuong salita na makikita sa *word puzzle* sa inyong sagutang papel. Pagkatapos mabuo, ipaliwanag kung ano ang kahulugan o kinalaman nito sa paksang tinalakay. (*Halimbawa: Truman - sa kaniyang pamumuno sa Estados Unidos, binigyan ng tulong pinansiyal ang bansang Turkey upang makabangon ang kanilang ekonomiya*)

E	K	O	N	O	M	I	K	O	T
R	U	S	S	I	A	D	A	A	R
U	L	R	B	U	G	F	M	M	U
S	T	U	T	T	S	H	R	E	M
S	U	S	E	A	T	S	I	R	A
I	R	S	D	T	I	R	K	I	N
A	A	B	T	T	R	A	A	K	H
D	E	B	T	T	R	A	P	A	W

Gawain 2: Fact Storming Web

Panuto: Ilagay ang mga wastong datos na kailangan sa *Fact Storming Web*. Kulayan ito upang maging kaakit-akit. Gawin ito sa sagutang papel.





Susi sa Pagwawasto

11. B	6. B	1. B
12. A	7. A	2. A
13. A	8. D	3. A
14. C	9. B	4. D
15. B	10. A	5. B

SUBUKIN

11. B	6. B	1. B
12. A	7. A	2. A
13. A	8. D	3. A
14. C	9. B	4. D
15. B	10. A	5. D

TAYAHIN

-	INOBASYON
-	NEOKOLONYALISMO

TUKLASIN

6. /	1. /
7. /	2. X
8. X	3. /
9. /	4. /
10. X	5. X

KARAGDAGANG GAWAIN

PAGYAMANIN

Gawain 2 : Pangkatin Mo Ako!

Unang Pangkat

1. USA
2. JAPAN
3. GREAT BRITAIN
4. FRANCE
5. AUSTRALIA

Gawain 3 : LISTA-EPEKTO

1. Continued enslavement o patuloy na pang aalipin
2. Loss of Pride
3. Over dependent o labis na pagdedepende sa iba

ISAGAWA, WORD PUZZLE

1. EKONOMIKO
2. KULTURAL
3. AMERICA
4. RUSSIA
5. DEBT TRAP
6. TRUMAN

Ikalawang Pangkat

1. PILIPINAS
2. KENYA
3. CAMBODIA
4. LAOS
5. PAKISTAN

Sanggunian

Aklat

Blando, Rosemarie C., Adelina A. Sebastian, Angelo C. Espritu, Erna C. Golveque, August M. Jamora, Regina R. Capua, Armi S. Victor, Sandra I. Balgos, Allan F. Del Rosario, at Randy R. Mariano. *Asya: “Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba”*. *Araling Panlipunan Modyul para sa mga Mag-aaral*. Pasig City: Department of Education, 2014.

Modyul

Department of Education, Bureau of Learning Resources. EASE Modyul 10: Neokolonyalismo Ang Bagong Uri o Pamamaraang Kolonyalismo Learning Material, Learning Module (PDF, accessed October 29, 2021, <https://lrmds.deped.gov.ph/detail/6019>).

Department of Education, Schools Division of South Cotabo Learning Resource Management Section. "Project EASE- Araling Panlipunan II, accessed October 29, 2021, <https://lrmds.deped.gov.ph/detail/6019>).

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph